Department of Education
**Bureau of Secondary Education**
CURRICULUM DEVELOPMENT DIVISION
**Meralco Ave., Pasig City**

# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

## FILIPINO 1

# *Modyul 14*

## *Pagtukoy ng Pangunahing Kaisipan at Pagbuo ng Hinuha*

# *Modyul 14*
# *Pagtukoy ng Pangunahing Kaisipan at Pagbuo ng Hinuha*



## *Tungkol saan ang modyul na ito?*

Kumusta kaibigan? Matanong nga kita. Anu-anong lugar sa Pilipinas ang napuntahan mo? Maaaring di mo pa napuntahan ang ilan sa maraming lugar sa Pilipinas na kabilang sa pandaigdigang pamanang kultural ng lahing Pilipipino pero nakita mo na sa mga larawan o sa panoorin. Malalaman mo sa modyul na ito kung anu- ano ang mga lugar na iyon. Mahalagang malaman ng isang mag-aaral na tulad mo kung kung bakit hinahangaan ng buong mundo ang mga lugar na iyon. Maipagmamalaki mo rin kung alam mo, di ba?

Sa pamamagitan ng pag-aaral ng modyul na ito magagawa mong maglakbay sa mga lugar na itinuturing na pamana ng mga Pilipino sa kasaysayang pandaigdig. Kasabay ng pag-aaral mo tungkol dito ang paglinang ng mga kasanayang pangwika, tulad ng pagkilala ng mga salitang magkasingkahulugan at magkasalungat, pagkilala at pagpapatibay ng isang ideya at pagbubuo ng hinuha mula sa isang impormasyon. Ginamit din sa modyul na ito ang mga tekstong informativ kaya malalaman mo rin ang mga katangiang dapat taglayin ng isang imformativ na teksto.

Madali lang ang mga aralin dito kung maglalaan ka ng oras at konsentrasyon sa pag-aaral.


O, handa ka na ba sa iyong gagawing lakbay-aral? Hangad ko ang iyong tagumpay.



## *Ano ang matututunan mo?*

Sa pamamagitan ng modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod:

1. nakikilala ang mga salitang magkasing kahulugan at magkasalungat
2. natutukoy ang paksa at pangunahing kaisipan na nakapaloob sa teksto
3. naipaliliwanag ang mga katangian ng isang informativ na teksto
4. nakabubuo ng hinuha mula sa binasang teksto



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Bago mo simulan ang paggamit ng modyul na ito, basahin mo muna ang mga tuntunin kung paano gagamitin ito.

1. Basahin at unawain ang mga nakasulat sa modyul.
2. Kung mayroong nais liwanagin o linawin tungkol sa mga gawain, magtanong sa guro o sa taong may sapat na kaalaman.
3. Ang lahat ng iyong sagot ay isusulat mo sa isang malinis na papel, hindi maaaring sulatan ng kahit ano ang modyul. Panatilihing malinis ang modyul.
4. Magtala ng mahahalagang impormasyon at kaisipan. Makatutulong ito sa iyong paglalakbay-aral.
5. Pagkatapos mong isagawa ang mga pagsusulit ( una at huling pagsusulit) maaari mo ng makuha sa guro ang mga tamang sagot.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Bago ka tumungo sa mga gawain kailangang maipakita mo muna kung ano na ang mga taglay mong kaalaman. Sagutan mo ang paunang pagsusulit. Tandaang gumamit ng hiwalay na sagutang papel.

A. Panuto: Hanapin sa mga pagpipilian ang kasingkahulugan ng mga salitang may salungguhit. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Ang bawat andana ng lupa ay may taas na dalawa hanggang tatlong metro.
   A. baitang B. haba
   C. sukat D. lapad
2. Dalawang pintuan mayroon ang bahay. Ang una ay puwerta, dito pinapasok ang karwahe.
   A. pangunahing pintuan B. maliit na pintuan
   C. makitid na pintuan D. malapad na pintuan
3. Sa caida pinatutuloy ang mga importanteng bisita.
   A. sala B. antesala
   C. asoteya D. komedor
4. Maraming katawagang ibinigay ang mga dayuhan sa kamangha-manghang Payaw sa Mt. Province.
   A. hagdan-hagdang palayan B.patyo
   C. pook D. tanawin
5. Ang subterenyan ay makikita sa lalawigan ng Palawan.
   A. malawak na lupain B. ilog sa ilalim ng lupa
   C. makapal na gubat D. malaking bato

B. Panuto: Hanapin sa hanay B ang kasalungat ng mga salitang nasa hanay A. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

| A | B |
|---|---|
| 1. hari | A. indibidwalistik |
| 2. kooperativ | B. alipin |
| 3. kolektiv | C. kompetetiv |
| 4. modernisasyon | D. datu |
| 5. tradisyunal | E. makabago |
| | F. katutubo |

C. Pagtukoy ng pangunahing kaisipan

Panuto: Tukuyin kung ano ang pangunahing kaisipan na nakapaloob sa bawat talata.

**1.** Ayon sa mga pag-aaral na isinagawa, ang mga katutubong Ifugaw ay gumugol ng mahigit na 2,000 taon upang matapos ang hagdan-hagdang palayan. Ito ay itinayo sa pamamagitan ng sama-samang paggawa ng mga katutubo, gamit ang kanilang mga kamay at katutubong teknolohiya. Ipinagpapalagay na ito ay mahigit 6,000 taong gulang na.

**2.** Matatagpuan ang Vigan sa bukana ng ilog ng Abra, hilagang kanluran ng baybaying Luzon. Malapit ito sa bansang Tsina. Dahil sa magandang lokasyon nito naging mahalaga ang papel ng Vigan sa kalakalan noong panahon ng katutubo hanggang ikalabing siyam na siglo.

**3.** Ang Tubbataha Reef ay matatagpuan sa Rehiyon IV, lalawigan ng Palawan sa gitna ng dagat ng Sulu (sa Valencia). Ang lawak nito ay 33,200 ektarya na kakikitaan ng maraming uri ng *acquatic life,* tulad ng 300 uri ng koral, pinakamalaking uri ng coral reef, iba't ibang uri ng isda, malalaking uri ng pawikan, lionfish at pating na mas malaki sa karaniwang laki na makikita sa ibang *diving site*. Sa lalim na dalawampu't limang talampakan kitang - kita ang makukulay at magagandang isda. Labing limang metro mula sa lugar ng pagtatalunan ( diving) makikita ang *sandy slope,* ang paboritong lugar na tinutulugan ng mga pating at *lobster.* Sa hilagang bahagi makikita ang malalaking *coral garden , coral tower* na hindi karaniwan ang laki. Ang lugar na ito ang kakikitaan ng pinakamaraming uri ng isda sa buong Pilipinas.

D. Paghihinuha:

Panuto: Batay sa mga informasyon na nakalahad sa bawat bilang bumuo ng hinuha kung tungkol saan ang sanaysay.

1.

| | |
|---|---|
| Hudhud | matriyarkal |
| Ifugao | tag-ani, kasalan,lamayan |
| UNESCO | pinakamahusay na obrang pasalita |
| Pamana sa sangkatauhang mahirap maunawaan. | |

2.

| Pangalan | Lokasyon | Taong Itinatag |
|---|---|---|
| San Agustin | Intramuros,Manila | 1571 |
| La Asuncion | Ilocos Sur,Sta. Maria | 1765 |
| San Agustin | Ilocos Norte, Paoay | 1593 |
| Santo Tomas | Iloilo, Miag-ao | 1731 |

Tapos ka na ba? Kung gayon, kunin mo na sa guro ang Susi sa Pagwawasto. Maging matapat ka sana sa pagwawasto, ha?

Ngayon ano ang nakuha mo? Huwag kang mabahala kung marami kang kamalian. Tutulungan ka ng modyul na ito. Sige, magsimula ka na.

## ✍ *Mga Gawain sa Pagkatuto*

### Sub Aralin 1

### Pagtukoy ng Paksa at Pangunahing Kaisipan

**Mga Layunin:**

Pagkatapos ng sub- araling ito inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. naipaliliwanag ang mga katangian ng isang informativ na teksto
2. natutukoy ang paksa at pangunahing kaisipan na nakapaloob sa teksto
3. nakapagbibigay ng kasingkahulugan ng mga salita.

**Alamin:**



Nakita mo na ba ang hagdan-hagdang palayan? Siguro ay sa larawan lang, ano? O, maaaring sa telebisyon mo ito nakita. Kaya mo bang ilarawan ito? Alam mo ba kung gaano katagal at paano ito naitayo? Alam mo ginamit ng mga Ifugao ang kanilang kamay sa pagtatayo nito. At mahigit 2,000 taon nilang trinabaho ito. Ang tindi, ano? Anu-ano ang iba't ibang katawagan dito? Nakilala natin

ito sa pangalang hagdan-hagdang palayan. Pero may tawag dito ang mga katutubo. Gusto kong hanapin mo sa sanaysay kung ano ito. Kinilala rin ito ng UNESCO bilang isa sa pandaigdigang pamanang kultural. Alam mo ba kung bakit? Malalaman mo rin sa pagbabasa mo.

**Linangin**

Ngayon basahin mo na ang sanaysay. Tandaan mo ang mga impormasyong iyong hahanapin.

**Hagdan-hagdang Palayan**
Aurora F. Mambiar

1. Matatarik at matataas na bundok ang makikitang tanawin sa hilagang Luzon, Rehiyon I. Ngunit sa kabila ng mga katangiang ito nalikha ng mga Ifugaw ang hinahangaan ng buong mundo sa ngayon. Ito ay ang hagdan-hagdang palayan.

2. Nang makita ito ng mga Amerikano tinawag nila itong *rice terraces* at isinalin sa wikang Tagalog na hagdan-hagdang palayan.

3. Taong 1995, kinilala at isinama sa talaan ng UNESCO ( United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization ) ang hagdan-hagdang palayan bilang isa sa pandaigdigang pamanang kultural ng lahing Pilipino ( world's cultural heritage) dahil sa ganda nito at ganap na pakikibagay ng tao sa kalikasan .

4. Ayon sa mga pag-aaral na isinagawa, ang mga katutubong Ifugao ay gumugol ng mahigit 2,000 taon upang matapos ang hagdan-hagdang palayan. Ito ay itinayo sa pamamagitan ng sama-samang paggawa ng mga katutubo, gamit ang kanilang mga kamay at katutubong teknolohiya. Ipinagpapalagay na ito ay mahigit na 6,000 taong gulang na.

5. Ang hagdan-hagdang palayan ay matatagpuan sa hilagang bahagi ng Luzon sa Pilipinas. Ang layo nito sa Maynila ay 250 kilometro pahilaga (sa Gardner). Ito ay may habang 18,500 milya, katumbas ng kalahating sirkomferens ng mundo.Ang bawat andana ng lupa ay may taas na dalawa hanggang tatlong metro.Tinuturing na mas mataas ito sa pinakamataas na gusali sa buong mundo.

6. Makikita ang kamangha-manghang kaalaman at kasanayan ng mga katutubo sa pagsasaka, arkitektura at enjiniring . Ang bawat baitang ay nakaayos sa isang istratejik na anggulo upang ang mga tanim na palay ay ganap na masikatan ng araw

(Enriquez) . Bagama't libu-libong taon nang naitayo ito, ang mga patubig ay sapat at nananatiling mataba pa rin ang lupa sa kabila ng mga pag-ulan at natural na kalamidad.

7. Maraming katawagan ang ibinigay ng mga dayuhan sa kamangha-manghang likhang - pinoy na ito. Ang iba ay tinawag itong hagdanan patungo sa langit, ang iba naman ay tinawag itong hagdan patungo sa paraiso, sapagkat ang mga katutubo raw noon ay hindi naglakbay upang maghanap ng pagkain. Sa halip ginamit nila ang kalikasan upang matugunan ang pangunahing pangangailangan. Nanatili ang mga katutubo sa lugar na ito at hindi na bumaba sa kapatagan. Nagsilbing paraiso sa kanila ang likhang kamay na ito. Ang iba naman ay tinawag itong *Pacific Grand Canyon* at may mga dayuhan ding nagsasabi na matatagpuan sa Pilipinas ang nalalabing *hanging garden of Babylon* (members.tripod.com) . Ngunit tinawag itong Pay-yo ng mga Ifugao na lumikha nito.

8. Ang Pay-yo ang magpapatunay at mangungusap sa lahat kung gaano kayaman ang kultura at kasaysayan ng Pilipinas.

Ngayon masasagot mo na ba ang mga katanungang ibinigay sa iyo? Una, ano ang tawag ng mga katutubo sa hagdan-hagdang palayan? Tama, ang tawag nila dito ay Pay-yo.

Alam mo na rin ba kung bakit ito isinama UNESCO sa kanilang talaan bilang isa sa pandaigdigang pamanang kultural? Tama ka, isinama nila ito dahil sa ganda at ganap na pakikibagay ng tao sa kalikasan.

Ano pang pangalan ang ibinigay ng mga dayuhan sa hagdan-hagdang palayan? Tinawag itong *rice terraces* ng mga Amerikano at ang iba naman ay tinawag itong *Pacific Grand Canyon* at *Hanging Garden of Babylon,* di ba? Iisang lugar lang ba ang tinutukoy nila ? Oo, iisang lugar lang ang tinutukoy ng mga pangalang ito.

Narito pa ang ilang tanong tungkol sa iyong binasa. Sagutin ang mga sumusunod.

1. Kailan idineklara ng UNESCO na isa sa pandaigdigang pamanang kultural ng mga Pilipino ang hagdan-hagdang palayan?
2. Saang bahagi ng Pilipinas matatagpuan ito?
3. Anu-ano ang iba't ibang katawagan sa hagdan-hagdang palayan?
4. Sino ang lumikha ng hagdan-hagdang palayan?
5. Bakit ito isinama ng UNESCO sa kanilang talaan bilang isa sa pandaigdigang pamanang kultural?

Kung ang sagot mo ay ang mga sumusunod, tama ka. Kung hindi, balikan mo ang teksto.

1. taong 1995
2. Rehiyon I, lalawigan ng Banaue
3. Pay-yo at hagdanan patungo sa ulap
4. Ifugao
5. Dahil sa ganda nito at ganap na pakikibagay ng tao sa kalikasan.

Suriin mo ang mga tanong sagot. Ano ang hinihinging kasagutan sa bawat bilang ?

Tama ka. Ang hinihinging sagot sa bilang isa ay petsa , sa ikalawa ay lugar, sa ikatlo ay pangalan ng tao at sa ikalima ay paliwanag .

Karamihan sa mga tekstong informative ang mga informasyong iyan. Mahalagang masagot ang mga tanong na iyan sa isang informativ na teksto. Ang tanong na paano ay mahalaga rin.

Paano binuo ng mga Ifugao ang hagdan-hagdang palayan? Binuo nila ito sa pamamagitan ng sama-samang paggawa ng mga katutubo, gamit ang kanilang mga kamay at katutubong teknolohiya. Ang bawat baitang ay nakaayos sa isang istratejik na anggulo upang ang mga tanim na palay ay ganap na masikatan ng araw.

Masasabi mo ba kung saang talata makikita ang nasabing sagot? Nasa ikaapat at ikaanim na talata, di ba?.

Suriin mo uli ang talata. Napansin mo ba na makikita rin sa talata ang mga tiyak na deskripsyon , gaya ng gaano katagal ginawa ang hagdan-hagdang palayan at gaano na ito katanda? Mahigit na 2,000 taong ginawa at mahigit na 6,000 taong gulang na ito. Ang tanda-tanda na, ano? Ano ang distansya nito mula sa Maynila? Tama, ang layo nito mula sa Maynila ay 250 kilometro pahilaga .

Gayun din, binanggit ang pagkakaayos ng bawat baitang at ang taas ng bawat baitang. Saang talata naman ito makikita? Nasa ikalima at ikaanim, di ba?

Ngayon suriin natin ang kaibahan ng informativ na teksto sa iba pang akda tulad ng maikling kwento? Ang imformativ na teksto ay iba sa ibang uri ng akda , sapagkat ang mga detalye na nakalahad dito ay bunga ng isang masusing pag-aaral at hindi likhang isip. Katotohanan ang ipinapahayag ng tekstong informativ. Halimbawa ng mga pahayag na imformativ ay ang mga sumusunod:

- Mahigit na 2000 taon ang ginugol ng mga katutubong Ifugao upang maitayo ang tanawing ito.
- Ang layo nito sa Maynila ay 250 kilometro pahilaga.
- Ito ay 18,500 milya katumbas ng kalahating sirkomferens ng mundo.
- Ang bawat andana ay may taas na dalawa hanggang tatlong metro.
- Nakaayos sa istratejik na anggulo ang bawat baitang.

**Pagtukoy sa paksa at pangunahing kaisipan**

Matapos mong malaman ang tungkol sa informativ na teksto, pag-usapan natin ang pagtukoy sa paksa ng teksto.

Balikan mong muli ang teksto. Isang katangian ng isang mahusay na mambabasa ay ang pagtukoy sa paksa ng teksto.

Madaling malaman ang paksa kung itatanong mo sa iyong sarili ang ganito, *" Tungkol saan ang sanaysay? Ano ang pinag-uusapan?"*Ito ang pinag-uusapan sa teksto.

O kaya mo bang ibigay ang sagot sa tanong na, "Tungkol saan ang sanaysay?"

Tama. Tungkol ito sa hagdan-hagdang palayan. Iyan ang paksa.

Ang ikalawang katangiang dapat taglayin ng isang mahusay na mambabasa ay ang pagtukoy sa pangunahing ideya. Ang pangunahing ideya ay ang pinakamahalagang kaisipan tungkol sa paksa ng isang talata. Ano ang sinasabi tungkol sa paksa?

Halimbawa, masasabi mo ba kung ano ang pangunahing ideya sa ikaapat na talata(4) at ikaanim (6) na talata?

Sa ikaapat na talata, ang pangunahing ideya ay matagal nang naitayo ang hagdan-hagdang palayan.

Sa ikaanim na talata naman, ang pangunahing ideya ay ang pagkakaayos ng lugar na kakikitaan ng kaalaman sa pagsasaka, arketektura at engineering ng mga Ifugao.

Basahin mo ang dalawang talata na nasa ibaba at tukuyin kung ano ang pangunahing ideya.

1. Ano nga ba ang sinabi ng mga pyramid ng Ehipto, magagarang templo at monumento, tulad ng Taj Mahal ng India, Angkor Wat ng Cambodia, Ananda Temple ng Burma ( Myanmar) at Borobudur ng Indonesia kung ihahambing sa ating Pay-yo? Isang buhay na simbulo na ang mga Pilipino ay mapagmahal sa kalayaan.. Naitayo ito sa pamamagitan ng kolektibo at kooperatibong paggawa at hindi tulad ng ibang pandaigdigang pamanang kultural na naitayo dahil sa may naghahari at may inaalipin sa lipunan.

   Hindi ito itinayo dahil lamang sa kaligayahan at kapakinabangan ng isa o iilang tao, kundi ito ay itinayo dahil sa kabutihan at kapakinabangan ng mamamayan. Upang makatugon sa pangunahing pangangailangan ng buong bayan.

2. Ang proseso ng pagma-mummified ay nagsisimula sa pagpapainom ng napakaalat na inumin sa isang taong malapit nang mamatay. Kung patay na ito, hinuhugasan ang kanyang katawan at pinauupo sa silya na yari sa bato na napaliligiran ng mga baga upang lumabas ang lahat ng tubig sa katawan. Kinakailangan ding bugahan ng usok ng tabako ang bibig nito upang matuyo ang *internal organ* ng bangkay. Madalas umaabot ng kung ilang lingo o buwan bago ito maging

mummy. Bago ito dalhin sa kweba pinupunasan ang tuyong katawan nito ng mga halamang gamot.

Ganito ba ang sagot mo?

1.Ang motibo ng mg Ifugao sa pagtatayo ng Pay-yo.
2. Proseso ng pagma-mummified sa Pilipinas.

**Gamitin**

Ngayon tingnan natin kung kaya mong gamitin ang iyong mga natutunan.

Panuto: Basahin ang tekstong informativ. Sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa iyong binasa. Isulat sa sagutang papel ang iyong mga sagot.

1. Saang bahagi ng Pilipinas matatagpuan ang Vigan?
2. Anu-ano ang makikita sa ayos ng plasa ng bayang Vigan?
3. Ilarawan ang mga bahay dito.
4. Kailan kinilala at isinama sa talaan ng UNESCO ang Vigan bilang isa sa pandaigdigang pamanang kultural?
5. Ilang taong pinag-aralan ng UNESCO ang Vigan bago isinama sa kanilang talaan?
6. Bakit isinama sa talaan ng pandaigdigang pamanang kultural ang Vigan?



**Vigan**

Noong ipinahayag ng UNESCO na ang Vigan ay isa sa pandaigdigang pamanang kultural dumagsa ang mga turista dito upang makita ang Vigan. Saan makikita ang Vigan? Bakit ito kinilala ng UNESCO?

Matatagpuan ang Vigan sa bukana ng ilog ng Abra, hilagang kanluran ng baybaying Luzon. Malapit ito sa bansang Tsina. Dahil sa magandang lokasyon nito (www.vigancity.gov.ph) , naging mahalaga ang papel ng Vigan sa kalakalan noong panahon ng katutubo hanggang ikalabing siyam na siglo.

Makikita sa pagkakaayos ng bayan ng Vigan ang malaking impluwensya ng mga kastila. Ang gitna nito ay ang Plaza Salcedo at nakaangkla sa plasa ang katedral at arzobispado ( bahay ng arsobispo), sa tapat nito o sa kabilang dulo ng plaza ay ang munisipyo at ang gusali ng gobernador ( inq7.net) . Magkakalapit o magkakatabi ang simbahan, munisipyo at plasa, palatandaan na nasakop ito ng mga Kastila.

Kitang-kita rin ang pagtatangi-tanging panlipunan ( social stratification) noong panahon ng kastila. Ang bahay ng mga ilustrado at mestiso ay nakatayo malapit sa simbahan, munisipyo at plasa. Malayo sa mga nasabing lugar ang bahay ng mga indyo. Makikita sa lalakarang kalye ang mga brick na mahigit isang siglong taong gulang na.

Taglay ng bayan ng Vigan ang pinag-isang disenyo at konstruksyon ng mga gusali sa Asya at Europa (www.vigan.gov.ph) . Isang modelo ito ng pagpapanatili ng pagkakakilanlan at kasaysayan ng bansa, at ito ay kapansin-pansin sa mga bahay na matatagpuan sa Vigan.

Paano nga ba nabuo ang mga bahay dito? Noong panahon ng mga katutubo ang mga bahay ay yari sa kahoy, kawayan, kogon at nipa, ngunit madali itong nasisira kapag may bagyo. Ikalabing-pitong siglo nang ituro ng mga kastila ang paggawa ng bahay na yari sa bato, briks at *lime mortar* (www.vigancity.gov.ph) . Ang ganitong uri ng mga kagamitan ay hindi madaling masunog ngunit madaling mawasak ng lindol. Dahil dito, ang mga katutubo ay nakabuo ng bagong disenyo na hindi madaling masunog at hindi madaling masira ng lindol. Pinagsanib nila ang konsepto ng bahay-kubo at estilo ng bahay sa Europa, kung kaya hindi madaling masira ang mga ito ng kalamidad.

Maraming bahagi sa mga bahay dito ang kakikitaan ng pinagsanib na istruktura at konseptong katutubo at kanluranin. Halimbawa, ang mga bahay sa Vigan ay binubuo ng dalawang palapag. Ang unang palapag ng bahay ay pinaglalagyan ng karwahe at bodega.Mayroong dalawang pintuan. Ang una ay tinatawag na puwerta o pangunahing pintuan. Ito ay malapad kaya kayang ipasok ang karwahe o karosa. Puwertita o maliit na pituan naman ang tawag sa ikalawang pintuan. Dito pinapapasok ang mga bisita. Hinihila ang lubid sa ikalawang palapag upang mabuksan ang puwertita. Ang hagdanan ay may dalawang bahagi. Ang unang bahagi ay binubuo ng tatlo hanggang apat na baitang. Dito pinatutuloy ang mga ordinaryong bisita. Ang ikalawang bahagi ay mahabang hagdanan patungo sa ikalawang palapag. Sa *caida o antesala* pinatutuloy ang mga importanteng bisita. Sa sala naman ginaganap ang mga importanteng okasyon at dito rin nagtitipun-tipon ang pamilya. Itinuturing na pinakaimportanteng bahagi ng bahay ang sala. Tulad ng bahay-kubo ang kwarto ay matatagpuan sa dulo ng sala o dili kaya ay nakahiwalay sa komedor, papunta sa kusina. Ang asotea ay makikita sa likod ng ikalawang palapag. Ito ay ekstensyon ng bahay. Dito nagpupunta ang mga nakatira sa bahay pagkatapos ng hapunan upang magpahangin o dili kaya dito pinatutuloy ang mga manliligaw. Malalaki at maluluwang ang mga bintana upang makapasok ang

liwanag at hangin. Sa ilalim ng bintana ay may dalawang ventanillas o maliliit na bintana. Dito sumisilip ang mga bata upang mapanood ang parada o prusisyon. Taglay nito ang disenyong arkitektural na babagay sa isang tropikal na klima at arkipelagong bansa.

Matapos ang limang taong pag-aaral at pagbalik-balik ng UNESCO sa Vigan, taong 1999 kinilala at napasama sa talaan ng UNESCO ang Vigan bilang isa sa pandaigdigang pamanang kultural. Sa kabila na ang Pilipinas ay naging lugar ng paglalaban noong ikalawang digmaang pandaigdig, taglay pa rin ng mga bahay dito ang kakanyahang sining ng mga katutubo, kanluranin at uri ng teknolohiya noong ika-18 at ika-19 na siglo. Makikita sa disenyong arkitektural ang makabuluhang pagbabago ng kasaysayan.

Nakita mo ba ang mga tiyak na detalyeng sasagot sa mga tanong? Ibigay mo nga. Tingnan mo kung ang mga sagot mo ay kahawig ng mga sumusunod. Kung hindi balikan mong muli ang teksto.

a. bukana ng ilog Abra, hilagang kanluran ng baybaying Luzon
b. Makikita sa ayos ng plasa ang malaking impluwensya ng kastila. Magkakatabi ang simbahan, munisipyo at plasa. Malapit sa mga nasabing lugar ang bahay ng mga ilustrado at mestiso. Taglay din ng mga bahay sa Vigan ang pinagsanib na istruktura at konseptong katutubo at kanluranin.
c. Ang bawat bahay ay binubuo ng dalawang palapag. Ang unang palapag ng bahay ay pinaglalagyan ng karwahe at bodega. Makikita ang dalawang pintuan. Ang una ay ang pangunahing pintuan na pinapasukan ng karwahe. Ang ikalawang pintuan ay maliit at dito pinatutuloy ang mga bisita.
   Ang unang makikita sa ikalawang palapag ng bahay ay *caida* o antesala, kasunod nito ay sala at sa dulong bahagi nito ay kwarto. Sa likod ng ikalawang palapag ay may ekstensyon at ito ay tinatawag na asotea.
d. taong 1999

Ngayon naman ay sagutin mo ang dalawang tanong sa ibaba. Isulat sa sagutang papel ang iyong mga sagot.

1. Ano ang paksa ng sanaysay?

2.Ibigay ang pangunahing kaisipan ng mga sumusunod na talata.

a. Makikita sa pagkakaayos ng bayan ng Vigan ang malaking impluwensya ng mga kastila. Ang gitna nito ay ang Plaza Salcedo at nakaangkla sa plasa ang katedral at arzobispado (bahay ng arsobispo), sa tapat nito o sa kabilang dulo ng plaza ay ang munisipyo at ang gusali ng gobernador. Magkakalapit o magkakatabi ang simbahan, munisipyo at plasa, palatandaan na nasakop ito ng mga kastila.

b. Kitang-kita rin ang panlipunang pagtatangi-tangi ( social stratification) noong panahon ng Kastila. Ang bahay ng mga ilustrado at mestiso ay nakatayo malapit sa simbahan, munisipyo at plasa. Malayo sa mga nasabing lugar ang bahay ng mga indyo.

Tingnan mo kung ganito ang iyong mga sagot. Tama bang lahat ang iyong sagot? Kung hindi basahin mo uli ang sub-aralin.

1. Vigan
2. Pangunahing Kaisipan

    a. ayos ng bayan ng Vigan
    b. lugar na kinatatayuan ng bahay ng mga ilustrado at mestiso

**Pagbibigay ng Singkahulugan**

Ang teksto ay gumamit ng iba't ibang salita na magsing kahulugan. Hanapin mo ang singkahulugan ng mga sumusunod na salita sa sanaysay.

1. andana
2. puwerta
3. caida
4. payaw
5. sala

Kung ang sagot mo ay ang mga sumusunod. Tama ka.

1. andana – baiting
2. puwerta – pangunahing pintuan
3. caida- maliit na sala o antesala
4. payaw – hagdan-hagdang palayan
5. sala – mas malaki sa caida at pinamamahalagang bahagi ng bahay

**Lagumin**

Tinalakay sa sub-aralin na ito ang mga katangiang dapat taglayin ng isang imformativ na teksto. Ang kakanyahang katangiang taglay nito ay naglalaman ng totoong imformasyon at hindi likhang-isip. Bunga ng isang maingat na pag-aaral ang mga nakalahad dito.

Natutunan mo rin ang pag-alam sa paksa o tapik ng teksto at pagkuha ng pangunahing kaisipan sa teksto. Ang paksa ay ang pinag-uusapan sa sanaysay. Ang pangunahing kaisipan naman ay ang pinakamahalagang kaisipan tungkol sa paksa.

**Subukin**

Handa ka na marahil sa isang pagsubok. Ang mga informasyong nakatala sa ibaba ay tungkol sa Puerto Princesa Subterranean River. Basahin mo ang tungkol dito pagkatapos ay sagutin mo ang mga sumusunod na tanong . Isulat mo sa iyong sagutang papel ang bilang kung saan makikita ang sagot sa mga tanong.

1. Saan makikita ang Puerto Princesa Subterranean River?
2. Gaano kalawak ang lugar na ito?
3. Ano ang pangunahing katangian nito?
4. Ibigay ang iba't ibang organismo (habitat for biodiversity) na makikita sa lugar na ito.
5. Kailan ito isinama ng UNESCO sa kanilang talaan bilang isa sa pandaigdigang pamanang kultural?
6. Anu-ano pa ang mga karangalan na ibinigay dito?

| | |
|---|---|
| 1. Bansa : | Pilipinas |
| 2. Pangalan : | Puerto Princesa Subterranean River |
| 3. Lokasyong Hiyografikal : | * Mga bulubunduking St. Paul<br>* 8 kilometro hilagang kanluran mula sa siyudad ng Puerto Princesa<br>* hilagang baybayin ng Palawan |
| 4. Lawak : | 20, 202 ektarya ( core zone – 5, 753 ektarya at buffer zone – 14, 449 ektarya) |
| 5. Diskripsyong Fisikal : | * Ilog sa ilalim ng lupa ( subterranean river ) na may 8 kilometrong haba<br>* 120 metrong lapad at 60 metrong taas<br>* limestone karst landscape |
| 6. Ecosystem: | * 295 uri ng punong kahoy<br>* 800 uri ng tanim<br>* 30 uri ng mammals<br>* 18 uri ng buwaya<br>* 10 uri ng amphibians<br>* 62 uri ng coral reef fishes<br>* 41 uri ng paruparo<br>* 91 uri ng ibon<br>* 8 uri ng paniki<br>* 5 uri ng gubat<br>Tropical rain forest<br>Beach forest<br>Mangroves<br>Sandy beaches<br>Coral reefs |

7. Kasaysayan:

1992 Pinarangalan ng Pacific Asia Travel Association (PATA) sa kategoryang Environmental Enhancement

1993 Paglilipat ng DENR sa local na pamahalaan ang pamamahala sa Subterranean River.

1999 Kinilala ng UNESCO bilang isa sa pandaigdigang pamanang kultural dahil sa likas napakagandang tanawin at makabuluhang ekolohikal.

Tingnan mo kung ganito ang iyong mga sagot.


1. 3
2. 4
3. 5
4. 6
5. 7
6. 7

Kung sa palagay mo ay kailangan mo pa ng dagdag na pagsasanay pumunta ka sa Paunlarin. Kung hindi na, maaari mo nang pag-aralan ang sub-aralin 2.

**Paunlarin**

Narito ang sanaysay tungkol sa mga impormasyon na nakalahad sa Subukin. Basahin at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang paksa ng sanaysay?
2. Ibigay ang pangunahing kaisipan sa talata 2,3, 5 at 7.



**Ang Ilog sa Ilalim ng Lupa**

**Ang Ilog sa Ilalim ng Lupa**
Aurora F. Mambiar

1. Nakabibinging katahimikan at alingawngaw ng kalikasan. Ito ang mararanasan sa loob ng Puerto Princesa Subterranean River National Park. Isa sa ipinagmamalaking yaman ng bansang Pilipinas.

2. Ang Puerto Princesa ay dating kilala sa tawag na St. Paul Subterranean River National Park. Ito ay matatagpuan sa hilagang baybayin ng Palawan. Ito ay walumpung kilometro, hilagang kanluran (unep-wcmc.org) mula sa siyudad ng Puerto Princesa. Ang *core zone* nito ay may 5,753 ektarya at ang *buffer zone* ay may 14, 449 ektarya. Sa kabuuan, ito ay may lawak na 20,202 ektarya, kasama na ang mga sangang ilog ng *underground river.* Nailipat sa pagmamay-ari ng pamahalaan ang *core zone* noong 1992. Inilipat ng DENR ang pamamahala at pangangalaga nito sa lokal na pamahalaan ng Puerto Princesa, noong 1993.

3. Ang pangunahing katangian nito ay ang kamangha-manghang ilog sa ilalim ng lupa na may habang walong kilometro at naglalagos patungo sa dagat. Ito ay may lapad na 120 metro at taas na 60 metro (unep-wcnc.org) . Kung lalakbayin ang kahabaan ng ilog, kakikitaan ito ng mapakaraming *stalactite* at *stalagmite* . Kilalang- kilala ito sa taglay na *limestone karst landscape*. Ang makapal at masukal na gubat ang nagsisilbing hangganan at harang ng siyudad ng Palawan. Lalong naging makabuluhan ang taglay nitong katangian dahil pinananahanan ito ng iba't ibang organismo ( habitat for biodiversity ).

4. Ayon kay Kuntze sa kanyang ulat sa Manila Times ang lugar na ito ay kakikitaan ng 295 uri ng punong kahoy, 800 uri ng tanim, 30 uri ng *mammals,* 18 uri ng buwaya, 10 uri ng *amphibians,* 62 uri ng *coral reef fishies,* 41 uri ng paruparo, 91 uri ng ibon at 8 klase ng paniki. Taglay nito ang malawak na *ecosysytem*. Mula sa *tropical rainforest* at *beach forest* hanggang sa *mangroves, sandy beaches* at *coral reefs.* itinuturing na iilan ito sa pinakamahalagang gubat sa Asya.

5. Nagkaroon ng maraming parangal ang lugar na ito. Isa na rito ay ang parangal na ibinigay ng Pacific Asia Travel Association (PATA) noong 1992 ( unep-wcnc.org) sa kategoryang *Environmental Enhancement.* Taong 1999 (unep-wcnc.org) nang isinama ito ng UNESCO sa kanilang talaan ng pandaigdigang pamanang kultural dahil sa likas na napakaganda at makabuluhang ekolohikal na taglay nito.

6. Dahil sa kasikatan ng subterranean , naglunsad ng maraming programa ang lokal na pamahalaan upang ganap na mapangalagaan ang kalikasan. Ayon sa

UNESCO ang mga programa ay maingat at tagumpay na ipinatupad ng pamahalaan ng Puerto Princesa na nagdala ng maraming karangalan mula sa nasyonal at internasyonal sa lokal na pamahalaan na pinamumunuan ni Mayor Edward S. Hagedorn.

7. Ang makabuluhang katangian nito ang nagbunsod kay Mayor Edward S. Hagedorn upang gawing modelo ang Puerto Princesa para sa *ecotorism* at pinaggaganapan ng mga kombensyon sa Pilipinas.

8. Malinaw na mahalaga ang *political will* upang maisulong ang mga programang magpoprotekta sa pamana ng lahi tulad ng naipakita ng lokal na pamahalaan ng Puerto Princesa sa ilalim ng pamumuno ni Mayor Hagedorn.

Ihambing mo ang mga sagot sa ibaba. Kung tamang lahat ang sagot mo, binabati kita. Kung hindi balikan mo uli ang teksto.

1. Ang paksa ng sanaysay ay tungkol sa Puerto Princesa Subterranean River
2. Pangunahing kaisipan:
   Talata 2: Ang lawak ng sakop nito at nangangalaga sa lugar.
   Talata 3: Ang pangunahing katangian at ang mga makikita dito.
   Talata 5: Ang tagumpay ng mga programa na inilunsad ng lokal na pamahalaan.
   Talata 7 : Ang kahalagahan ng *political will* ng namumuno.

## Sub – Aralin 2

## Pagbibigay - Hinuha

Narito pa ang isang aralin. Makapagpapayaman ito ng mga natamo mo ng kasanayan.

**Layunin:**

Pagkatapos ng sub-aralin na ito inaasahang magagawa mo na ang mga sumusunod:

1. nakapagbibigay ng mga kahulugan ng salitang magkasalungat
2. nakabubuo ng hinuha mula sa binasang teksto

**Alamin**

Marahil humanga ka sa talino at galing ng ating mga ninuno matapos mong pag-aralan ang Sub – Aralin 1. Sa kabila ng mga pagbabago at pananakop sa loob ng daan –daang taon hindi hinayaan ng mga ninuno na tuluyang mawala ang pagkakakilanlan ng lahing Pilipino. Ang patunay nito ay makikita sa ayos ng mga bahay sa Vigan.

Marahil nagkaroon ka rin ng ideya kung ano ang sibilisasyon ng lipunang Pilipino bago dumating ang mga Kastila. Ang panahong ito ay tinatawag na panahon ng katutubo. Isa sa tanging buhay na katibayan nito ay ang hagdan-hagdang palayan.

Ngayon ipagpapatuloy mo ang paglalakbay- aral.

**Linangin**

Basahin mo ang pamagat. Sa palagay mo, bakit nanganganib ang Pay-yo?

*Natatandaan mo ba kung ano ang Pay-yo?*
*Ang hagdan-hagdang palayan di ba? May mga varying ito.*
*Bakit kaya ganito. Anu-ano iyon? Tama, ito ay Payaw at Pyew.*
*Bakit kaya ito nanganganib?*
*Sige alamin mo sa teksto.*

**Nanganganib na Pay-yo**
**Aurora F. Mambiar**

1. Hagdan-hagdang palayan, *rice terraces, Pacific Grand Canyon* at *hanging garden of Babylon* ( members.tripod.com ) ay ilan lamang sa maraming katawagan na ibinigay sa ginawa ng mga Ifugaw. Ano man ang katawagang ibinugay nila dito mahalagang gamitin ang katawagan ng mga Ifugao sa kanilang ginawa. Ito ay ang Pay-yo. Ang varyant ng salitang Pay-yo ay Payaw at Payew: Hinangaan ng buong mundo at ibinilang sa talaan ng UNESCO bilang isa sa pandaigdigang pamanang kultural .

2. Ano nga ba ang sinabi ng mga pyramid ng Ehipto, magagarang templo at monumento, tulad ng Taj Mahal ng India, Angkor Wat ng Cambodia, Ananda Temple ng Burma (Myanmar) at Borobudur ng Indonesia kung ihahambing sa ating Pay-yo?

3. Isang buhay na simbulo na ang mga Pilipino ay mapagmahal sa kalayaan. Para sa mga Pilipino ang lipunan ay nabubuo sa pamamagitan ng kolektiv at kooperativ at hindi individwalistik at kompetitiv. Naitayo ito sa pamamagitan ng kolektibo at kooperatibong paggawa at hindi tulad ng ibang pandaigdigang pamanang kultural na naitayo dahil sa may naghahari at may inaalipin sa lipunan. Hindi ito itinayo dahil lamang sa kaligayahan at kapakinabangan ng isa o iilang tao, kundi ito ay itinayo dahil sa kabutihan at kapakinabangan ng mamamayan. Upang makatugon sa pangunahing pangangailangan ng buong bayan.

4. Inihambing noon sa isang paraiso ang ulap na lupaing ito sapagkat kung tatanawin sa kalayuan malawak na hagdan-hagdang palayan ang makikita. Kulay berde at punung - puno ng uhay, ngunit ngayon damo ang makikita sa ibang bahagi ng Pay-yo. Unti-unti na itong nasisira. Ayon sa ulat ng ilang mananaliksik sira na ang ikatlong bahagi nito.

*Tama ba ang hula na ginawa mo? Oo, kasi unti-unti itong nasisira at sira na ang ikatlong bahagi ng Pay-yo. Nakalulungkot ano? Ano kaya ang dahilan ng pagkasira ng ibang bahagi nito? Hulaan mo ang sagot sa tanong.Basahin mo na ang sanaysay. Tingnan mo kung tama ang iyong hula.*

5. Nagsimula ang kawalang- interes sa pagsasaka nang buksan ang Solano-Banaue Road ( Sa Abano) at iba pang daan patungong Banaue. Ang mga daang ito ay simbolo ng mga alternatibong gawaing pang-industriyal at bunga na rin ng modernisasyon. Naging madali ang paglikas para sa mga Ifugao lalung- lalo na sa mga kabataan upang maghanap ng trabaho sa ibang lugar.

6. Ayon kay Gobernor Teddy Baguilat Jr. ( sa Abano, 2002) para sa mga kabataang Ifugaw ang pagsasaka ay hindi na praktikal at kapakipakinabang. Bukod sa maliit na kita sa pagsasaka matagal din bago ito maging pera. Dagdag pa nito matagal at nakapapagod ang pagsasaka. Nangangailangan ng manwal at intensibong paggawa kaya mas ginugusto pa ng ibang katutubo ang mga gawaing pangturismo tulad ng paghabi, pag-ukit ng kahoy at paggabay sa mga turista kaysa sa pagsasaka.

*Tama ba ang hula mo? Ano ang dahilan ng unti-unting pagkasira ng Pay-yo? Tama, dahil sa kawalang interes ng mga kabataang Ifugao sa pagsasaka at bunga rin ng modernisasyon. Pinabayaan na ang Pay-yo.*

*Ano kaya sa palagay mo ang posibleng mangyari kung hindi maagapan ang pagkasira at mapanumbalik ang dating anyo ng Pay-yo?*

*Ipagpapatuloy mo ang iyong pagbabasa. Tandaan mo ulit ang iyong hula.*

7. Nagbabala ang International Union for Conservation of Nature (IUCN) at International Council of Monuments and Sites (Icomos) (Sa Abano) na kapag hindi naagapan sa loob ng sampung taon ang tuloy – tuloy na pagkasira nito ay posibleng mawala ito sa talaan ng pandaigdigang pamanang kultural ng Pilipinas.

> *Tama ba ang hula mo? Ano ang magiging epekto kung hindi maagapan ang pagkasira ng Pay-yo? Oo, tatanggalin ito sa talaan ng pandaigdigang pamanang kultural ng Pilipinas. May ginawa kayang hakbang ang mga kinauukulan?*
>
> *Hulaan mo kung mayroon at anu-ano kaya iyon? Tatapusin mo ang pagbabasa sa teksto. Tandaan mo ang iyong hula.*

8. Maging ang mga matatandang Ifugao ay nagsasabi na kailangang mapanatili ang hagdan-hagdang palayan. Kailangang mapanumbalik at mahikayat ang mga kabataan na pahalagahan ang pamanang kayamanan na ito. Mahalagang mapanatili at maipagpatuloy ang talino, kasanayan ng mga ninuno at tradisyunal na paraan ng pamumuhay ng mga Ifugao.

9. Maraming mungkahi ang nabuo upang mapanumbalik ang dating anyo nito (sa Abano). Isa na rito ang iminungkahi ng mga matatandang Ifugao. Ayon sa kanila kailangang sarhan ang mga daan patungong Banaue lalong lalo na ang Solano-Banaue road.

10. Ang pamahalaan, sa pamamagitan ng Departamento ng Turismo nagsasagawa ng pamamaraan upang mapanumbalik ang dating anyo ng Pay-yo. Ayon sa ulat, may nabuong plano na nangangailangan ng 1.31 bilyong piso (sa Enriquez) para sa nasabing lugar.

11. Ang suliraning ito ay hindi lamang problema ng mga Ifugao kundi problema ito na dapat harapin at bigyan ng agarang aksyon ng buong nasyon. Sa Pay-yo natitipon ang talino, kasanayan, pananaw, pilosopiya, at malaking bahagi ng kasaysayan sa panahon ng katutubo. Ang Pay-yo ay isang buhay na pamana ng lahi, kapag tuluyang nasira ito ay tuluyan na ring binura ang malaking bahagi ng ating nakaraan.

> *Tama ba ang iyong hula? Marahil ay medyo ano? May mga aksyon ba na ginawa ang mga kinauukulan? Oo, may mga iminungkahi ang mga matatandang Ifugao at may binuong plano ang pamahalaan upang mapanumbalik ang dating anyo ng Pya-yo.*

Ano kaya ang layunin ng awtor sa pagsulat? Tsekan (✓) mo ang bilang ng posibleng layunin ng awtor.

______1. Upang ipaalam sa tao na may problema sa Payaw.
______2. Manawagan sa lahat ng Pilipino na ang problema sa Payaw ay problema ng buong bansa.
______3. Tumulong sa mga Ifugao.
______4. Mahikayat muli ang mga kabataang Ifugao na magsaka sa Payaw.
______5. Upang magsilbing hamon ito sa lahat na kumilos ng agarang aksyon sa problema.

Nilagyan mo na ba ng stek ang lahat ng mga bilang? Kung gayon, tama ka. Alam mo ba na ang mga ginawa mo sa umpisa pa lamang ng Linangin hanggang sa pagtsitsek ay paghula o pagbuo ng hinuha?

Ang hinuha ay pagbibigay ng sariling opinyon mula sa mga informasyon na nabasa. Sa pagbibigay hinuha ang mahalagang sangkap ang paggamit ng dating kaalaman at karanasan. Nakapagbibigay ng tamang hula ang isang mag-aaral kapag marami siyang nakaimbak na dating kaalaman at karanasan na naiuugnay niya sa bagong imformasyon.

Ngayon balikan mo ang ilang salita may magkakasalungat ang kahulugan na ginamit sa teksto.

**Pagbibigay Kahulugan sa mga Salitang Magkasalungat**

Ang mga salitang magkatapat sa bawat bilang ay magkasalungat ang kahulugan. Hulaan mo kung ano ang kahulugan ng bawat isa batay sa kung paano ginamit ang mga ito sa teksto. Isulat mo ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. kolektiv – individwalistik
2. kooperativ – kompetitiv
3. hari – alipin
4. tradisyunal – makabago
5. modernisasyon – katutubong pamumuhay

Kung ang mga sagot mo ay ang mga sumusunod tama ka.

1. Ang kolektiv ay nangangahulugang sama-sama o tulong-tulong, kaya may konsepto tayo ng bayanihan. Ang idividwalistik naman ay kanya-kanya o walang pakialam sa iba.

2. Ang kooperativ ay walang kompetensya o walang paligsahan, kaya wala tayong hari at reyna, walang inaalipin at walang nang-aalipin, walang malakas at walang mahina.

Lahat ay nagtutulungan. Samantalang ang kompetitiv ay mayroong kompetensya o mayroong paligsahan. Kaya mayroong konsepto ng hari at reyna sa ibang bansa.

3. Ang hari ay nangangahulugang ang isang tao ay nasa pribelehiyong katayuan sa lipunan na may absolut na kapangyariahan. Ang alipin ay nangangahulugang isang taong nasa pinakamababang antas ng lipunan at walang anumang karapatan.
4. Ang tradisyunal ay makalumang paraan o gawi na hindi pa gaanong napapasukan ng anumang ideya o paraan ng pamumuhay mula sa labas ng lipunan. Ang makabago naman ay inobasyon mula sa pagiging tradisyunal.
5. Ang modernisasyon ay transformasyon mula sa pagiging katutubo tungo sa mabilis na paraan ng pamumuhay. Kaakibat nito ang makabagong teknolohiya at kaalaman. Samantalang ang katutubong pamumuhay ay ang pagiging puro nito at walang halong impluwensya ng mga dayuhan.

Narito ang isang bahagi ng balita mula sa Palawan Times. Tuluyan kayang makulong ang mga nahuling ilegal na mangingisda sa Palawan? Ito kaya ang kauna-unahang pagkakataon na nangisda sila sa dagat ng Pilipinas?

Basahin mo ang teksto at kumpirmahin mo kung tama ang iyong hula.

**Indonesians Huli sa Balabac**
ni Joy Tabuada- Asignacion

Nahaharap ngayon sa mga kasong Poaching at Illegal Entry ang limang Indonesians na nahuli ng Philippine Navy sa Balabac, Palawan nationals na nangingisda .

Sa panayam kay Provincial Committee on Illegal Entrants (PCIE) chairman, Col. Jose Balane sinabi nito na pinag-aaralan pa sa ngayon ng PCIE ang posibilidad ng pagsasampa ng kasong “illegal fishing” maliban sa poaching at illegal entry sapagkat nahuli nito sa aktong nagtro-trawl fishing. Nakuha rin sa mga Indonesian fishermen na lulan ng isang Malaysian fishing boat ang 200 kilong hipon, 100 kilo ng iba’t ibang uri ng isda.

Palawan Times
Vol.XI No. 237

Kung ang sagot mo ay ang mga sumusunod. Binabati kita.

1. Hindi sila pakakawalan dahil huli sila sa akto at sa mga katibayan na nakuha. Tuluyan silang ikukulong .
2. Maraming ulit na silang nangingisda sa karagatan ng Pilipinas. Ayon sa Philippine Navy, matagal na itong minamanmanan.

**Gamitin**

Ngayon tingnan natin kung kaya mong gamitin ang mga natutunan mo. Muli kang bumuo ng mga hula tungkol sa mga sumusunod.

1. Ano kaya ang posibleng epekto ng *quarrying activity* sa lungsod ng Puerto Princesa
2. Ano ang *quarrying?*

Basahin mo na ang bahagi ng balita mula sa Palawan Times at kumpirmahin kung tama ka.

**Quarrying sa Lucbuan Ipinatigil ng PENRO**
ni Joy Tabuada-Asignacion

Pinatigil ng Provincial Environment ang Natural Resources Office ( PENRO) ang pangunguha ng graba at buhangin sa Bgy. Lucban lungsod ng Puerto Princesa.

Sa panayam ng Manila Times kay PENRO Ivene Reyes, ipinag-utos niya sa We Eng Construction na itigil na ang kanilang *quarrying activity* sa naturang lugar dahil sa ang lupang kanilang pinagkukunan ng graba ay dineklarang "timberland" . Maliban dito ay walang maipakitang dokumento tulad ng Environmental Compliance Certificate (ECC) at permiso buhat sa Pamahalaang Lungsod ang naturang kompanya.

Palawan Times
Vol. XI No. 237

Tingnan mo kung katulad nito ang iyong mga sagot.

1. Ang mga sumussunod ay posibleng mangyari

   a. landslide at siltation o pagguho ng mga lupa sa dagat dahil wala ng graba na magho-hold sa lupa
   b. Pagkamatay ng mga yamang dagat kung sakaling magkakaroon ng siltation at buhay ng mga tao.
   c. pagkawala ng mga punong kahoy sa lugar ng pinagka-quarrying
   d. Masisira ang mga likas- yaman ng Pilipinas at maaaring bumaba ang katanyagan ng Palawan.

2. Ang quarrying ay pagkuha ng graba sa bundok.

Naririto pa ang isang gawain na magsasanay sa iyo sa pagbubuo ng hinuha. Batay sa mga informasyon na nakalagay sa kahon, hulaan mo kung ano ang tamang sagot sa mga tanong na nasa ibaba.

1. Ano ang kahulugan ng salitang Tubbataha?

   A. mataas na bato sa gitna ng dagat
   B. mahabang bagay na may kaugnayan sa reef
   C. iba't ibang uri ng koral
   D. yamang dagat

2. Saan ito matatagpuan?

   A. Palawan B. Sulu C. Mindoro D. Cebu

3. Ano ang panganib na nagaganap sa lugar?

   A. Maraming nakakapasok na ilegal na mangingisda.
   B. Maraming nagaganap na smuggling
   C. Maraming namamatay na koral
   D. Palala ng palala ang polusyon

4. Ano ang hakbang na isinagawa ng pamahalaan para sa konservasyon ng Tubbataha reef?

   A. Nagtatag ng puwersa na magbabantay sa Tubbataha.
   B. Nangangalap ng pondo upang mapanatili ang Tubbataha.
   C. Nanghingi ng tulong mula sa ibang bansa.
   D. Wala pang hakbang na ginagawa.

5. Bakit kilala ang lugar na ito sa buong mundo?

   A. dahil sa ginawa ng Abusayaf
   B. dahil sa ganda nito
   C. dahil isa ito sa pamanang kultural ng mga Pilipino
   D. dahil sa maraming muslim ang nakatira dito.

**Tubbataha Reef**



Pilipinas, Rehiyon IV, Palawan

1993- World Heritage Site

Dekada 80 – bumaba ang mga buhay na koral at nakaranas ng pinakamalaking antas ng pagkasira

1993 – kinilala ng UNESCO

1995- Binuo ang Task Force for the Tubbataha reef

Uri ng aquatic life - 300 uri ng koral, 400 uri ng isda, coral garden, coral tower, pawikan, lionfish, pating, lobster at iba pa.

Basahin mo ang sanaysay tungkol sa Tubbataha at alamin kung tama ang iyong mga hula.

**Tubbataha Reef**
Aurora F. Mambiar

1. Tubbataha reef – kauna – unahang tanawin sa Pilipinas na itinalaga ng UNESCO bilang isa sa *World Heritage Site* noong 1993 (sa Ledesma at Mejia) dahil sa taglay nitong *globally significant biodiversity.*

2. Taong 1998 sa bisa ng Proklama bilang 306 (Sa Valencia) ipinahayag ng pamahalaan na ang Tubbataha Reef at ang mga malalapit na lugar nito ay isang National Marine Park.

3. Ang salitang tubbataha ay galing sa salitang muslim (www.tourism.gov.ph**)** **tubba** ibig sabihin ay mahaba at **taha** ibig sabihin ay bagay na may kaugnayan sa lagun o reef . Matatagpuan ang Tubbataha reef sa rehiyon IV, lalawigan ng Palawan sa gitna ng dagat ng Sulu (sa Valencia). Ang lawak nito ay 33,200 ektarya (Valencia) na kakikitaan ng maraming uri ng *cquatic life* (ncca.gov.ph) , tulad ng 300 uri ng koral, pinakamalaking uri ng coral reef, 400 na uri ng isda, malalaking uri ng pawikan, lionfish at pating na mas malaki sa karaniwang laki na makikita sa ibang *diving site*. Sa lalim na dalawampu't limang talampakan kitang kita ang makukulay at magagandang isda. Labing limang metro (Valencia) mula sa lugar ng pagtatalunan (diving) makikita ang *sandy slope,* ang paboritong lugar na tinutulugan ng mga pating at *lobster.* Sa hilagang bahagi makikita ang malalaking *coral garden , coral tower* na hindi karaniwan ang laki. Ang lugar na ito ang kakikitaan ng pinakamaraming uri ng isda sa buong Pilipinas.

4. Sa kabila ng kalayuan nito hindi pa rin ligtas ang lugar sa mga iligal na mangingisda. Noong 1989 (Ledesma at Mejia) napag-alaman na bumaba ang bilang ng mga buhay ng koral at sa dekada 80 (Laedsma at Mejia) nakaranas ng pinakamataas na antas ng pagkasira sa lugar na ito .

5. Noong July 1995 (sa Valencia) sa ilalim ng administrasyon ng dating pangulong Fidel V. Ramos binuo ang Task Force for the Tubbataha Reef National Marine Park na bubuo at magsasagawa ng mga hakbang upang mapigil ang tuluyang pagkasira ng kalikasan .

Sa mga nakalipas na limang taon magkaakibat ang Philippine Navy at World Wide Fund for Nature o WWF – Philippines (sa Valencia) sa pagbabantay ng Tubbataha laban sa mga iligal na gawain.

Sa kasalukuyan magkasanib (Valencia) ang puwersa ng Palawan Council for Sustainable Development , lokal na pamahalaan at WWF – Philippines upang mapangalagaan ang lugar. Dagdag nito ang DENR, WWF

– Philippines at UN Development Program ay lumagda ng kasunduan para sa taunang proyektong pondo na nagkakahalagang $750,000 (Sa Valencia) para mapanatili ang Tubbataha Reef.

Ang resposabilidad ng pagpapanatili sa Tubbataha reef ay nakasalalay hindi lamang sa lokal, nasyonal na pamahalaan at internasyonal na organisasyon kundi lalo't higit sa mga mamamayan na nakatira malapit sa Tubbataha reef. Kailangang magkaisa ang pamahalaan sa pagpapanatili ng yaman ng Tubbataha. Sapagkat wala ng ibang matatagpuan sa bansa na nagtataglay ng parehong yaman at ganda na makikita sa Tubbataha. Hamon din sa lahat ng Pilipino na pangalagaan ang kalikasan ng bansa.

Narito ang tamang sagot sa mga tanong.

1. B
2. A
3. A
4. A
5. C

**Lagumin**

Tinalakay natin sa sub-aralin 2 ang pagbibigay ng kasalungat na kahulugan sa salita at pagbibigay hinuha sa isang tekstong informativ. Ang hinuha ay ang pagbibigay ng matalinong panghuhula mula sa nabasang informasyon. Ang pagkakaroon ng maraming nakaimbak na imformasyon ay mahalagang sangkap upang makabuo ng tamang hinuha.

**Subukin**

Handa ka na marahil sa isa pang pagsubok. Sa pamamagitan ng mga impormsayon sa kahon, hulaan mo ang tamang sagot sa bawat bilang.

Pambansang yaman ng Pilipinas
*Mummy*
Benguet
Kweba ng Timbak, Tenangkol, Opdas at iba pa
Isa sa 100 pinakananganganib na bagay sa buong mundo

1. Ano ang kahulugan ng *mummy*?
2. Saan ito matatagpuan?
3. Bakit nanganganib ito?
4. Bakit mahalaga ito sa atin ang *mummy*?
5. Ano kayang tribo ang kilala sa pagma-mummified?

Basahin mo ang teksto tungkol sa mummy. Pagkatapos balikan mo ang iyong mga hula kung tama.

Itinuturing na Pambansang Yaman ng Pilipinas ang nakitang mga mummy sa hilagang bahagi ng Luzon, partikular sa kwebang Benguet, kweba ng Timbak, Tenangkol, Opdas, Kabayan at iba pa. Ang tribong Ibaloi ang napag-alamang gumagawa ng mummy. Ang muling pagkakatuklas ng mga ito ay naganap sa pasimula ng mga taong 1900. Napag-alamang marami na ang nanakaw sa panahon ding ito.

Nabanggit sa ulat ni Laarni Ilagan ng Manila Times (2003) na ang ilan sa mga ninakaw na mummy sa bayan ng Kabayan ay ipinagbibili sa San Francisco, California sa halagang 310,000 piso ( $5,637).

Ayon sa Monument Watch ang mga mummy na natuklasan muli sa Pilipinas ay isa sa 100 *Most Endangered Sites in the World*. Kasing halaga ito ng mga pinakananganganib na monumentong pinangangalagaan at itinuturing na pamana ng lahi.

Tingnan mo kung tama ang iyong mga sagot.

1. Ang mummy ay patay na katawan ng tao na priniserv sa pamamagitan ng paggamit ng mga halamang gamot at pagtatanggal ng mga tubig sa katawan nito.

2. Benguet at iba pang lalawigan sa hilagang bahagi ng Pilipinas

3. Sapagkat ninanakaw ang mga ito at ipinagbibili sa labas ng Pilipinas.

4. Sapagkat tinuturing itong Pambansang Yaman ng ating bansa.

5. Ibaloi

Kung sa tingin mo ay kailangan mo pa ng dagdag na pagsasanay pumunta ka sa Paunlarin. Kung hindi maaari ka nang pumunta sa susunod na modyul.

**Paunlarin**

Batay sa mga impormasyong nakatala sa ibaba bumuo ka ng hinuha kung saan patungkol ang sanaysay. Isulat mo sa sagutang papel ang iyong hinuha.

**Bansa:** Pilipinas

| **Pangalan ng mga simbahan** | **Taong Itinayo** | **Lalawigan** |
|---|---|---|
| Sto. Tomas de Villanueva | 1797 | Iloilo |
| Nuestra Senora de la Assuncion | --- | Sta. Maria, Ilocos Sur |
| San Agustin | 1694 | Paoay, Ilocos Norte |

Ang sanaysay ay tungkol sa simbahang Nuestra Señora de la Assuncion ng Paoay, Ilocos Norte bilang isa sa simbahang barok sa Pilipinas at isa sa pamanang kultural ng lahing Pilipino sa kasaysayan ng daigdig.

## *Gaano ka na kahusay?*

I. Pagpapalawak ng Bokabularyo:

A. Singkahulugan

Panuto: Hanapin sa mga pagpipilian ang kasingkahulugan ng mga salitang may salungguhit. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Ang bawat andana ng lupa ay may taas na dalawa hanggang tatlong metro.
   A. baitang B. haba
   C. sukat D. lapad

2. Dalawang pintuan mayroon ang bahay. Ang una ay puerta, dito pinapasok ang karwahe.
   A. pangunahing pintuan B. maliit na pintuan
   C. makitid na pintuan D. malapad na pintuan

3. Sa caida pinatutuloy ang mga importanteng bisita.
   A. sala B. antesala
   C. asoteya D. komedor

4. Maraming katawagang ibinigay ang mga dayuhan sa kamangha-manghang Pay-yo
   A. hagdan-hagdang palayan B. payaw
   C. payew D. lahat ng nabanggit

5. Ang <u>subterenyan</u> ay makikita sa lalawigan ng Palawan.
   A. malawak na lupain B. ilog sa ilalim ng lupa
   C. makapal na gubat D. malaking bato

B. Magkasalungat:

Panuto: Hanapin sa hanay B ang kasalungat ng mga salitang nasa hanay A. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

| A | B |
|---|---|
| 1. hari | A. indibidwalistik |
| 2. kooperativ | B. alipin |
| 3. kolektiv | C. kompetetiv |
| 4. modernisasyon | D. datu |
| 5. tradisyunal | E. makabago |
| | F. katutubo |

II. Pagtukoy ng pangunahing kaisipan

Panuto: Tukuyin kung ano ang paksa at pangunahing kaisipan na nakapaloob sa bawat talata.

A. Ayon sa mga pag-aaral na isinagawa ang mga katutubong Ifugao ay gumugol ng mahigit na 2,000 taon upang matapos ang hagdan-hagdang palayan. Ito ay itinayo sa pamamagitan ng sama-samang paggawa ng mga katutubo, gamit ang kanilang mga kamay at katutubong teknolohiya. Ipinagpapalagay na ito ay mahigit 6,000 taong gulang na.

1. Matatagpuan ang Vigan sa bukana ng ilog ng Abra, hilagang kanluran ng baybaying Luzon. Malapit ito sa bansang Tsina. Dahil sa magandang lokasyon nito naging mahalaga ang papel ng Vigan sa kalakalan noong panahon ng katutubo hanggang ikalabing siyam na siglo.

2. Ang Tubbataha Reef ay matatagpuan sa Rehiyon IV, lalawigan ng Palawan sa gitna ng dagat ng Sulu (sa Valencia). Ang lawak nito ay 33,200 ektarya na kakikitaan ng maraming uri ng *aquatic life,* tulad ng 300 uri ng koral, pinakamalaking uri ng coral reef, iba't ibang uri ng isda, malalaking uri ng pawikan, lionfish at pating na mas malaki sa karaniwang laki na makikita sa ibang *diving site*. Sa lalim na dalawampu't limang talampakan kitang kita ang makukulay at magagandang isda. Labing limang metro mula sa lugar ng pagtatalunan (diving) makikita ang *sandy slope,* ang paboritong lugar na tinutulugan ng mga pating at *lobster.* Sa hilagang bahagi makikita ang malalaking *coral garden , coral tower* hindi karaniwan ang laki. Ang lugar na ito ang kakikitaan ng pinakamaraming uri ng isda sa buong Pilipinas.

III. Paghihinuha:

Panuto: Batay sa mga impormasyon na nakalahad sa bawat bilang bumuo ng hinuha kung tungkol saan ang sanaysay.

1.

| | |
|---|---|
| Hudhud | matriyarkal |
| Ifugao | tag-ani, kasalan,lamayan |
| UNESCO | pinakamahusay na obrang pasalita |
| Pamana sa sangkatauhang mahirap maunawaan. | |

2.Mga simbahang nag-aangkin ng kakanyahang disenyong arkitektural at interpretasyon ng mga Pilipino sa arketekturang barok sa Europa.

| Pangalan | Lokasyon | Taong Itinatag |
|---|---|---|
| San Agustin | Intramuros,Manila | 1571 |
| La Asuncion | Ilocos Sur,Sta. Maria | 1765 |
| San Agustin | Ilocos Norte, Paoay | 1593 |
| Santo Tomas | Iloilo, Miag-ao | 1731 |

Binabati kita sa iyong tagumpay!

---

Sanggunian:


Abano, Imelda; http://www.philpost.com/0302pages/rice0302.html
Enriquez, Nestor ; http://:member.tripod.com/philippines/banaue.htm
Gardner, Robert; http://www.aenet.org/ifugao/batad.htm
Ilagan, Laarni S. http://www.manilatimes.net/national/2003/jul/09/prov/20030709pro3.html
Kuntz,Carl; http://www.manilatimes.net/national/2004jan/16/yehey/life/200440/16lif/htm
Ledesma, Micaela C. at Mejia, manuel N. http://www.psdn.org.ph/wetlands/wwd01pres.htm
Melle, Gregory; http://ce.eng.usf.edu/pharos/wonders/natural/index.html
Valencia, Lynda B.; http://www.guampdn.com/communities/news/stories/20041001/bayanihan/1339046.html
http://www.anglefire.com/folk/hazelmarucot/ifugaohudhud.htm
http://www.lonelyplanet.com/destination/south-east/philippines/culture.htm
http://www.inq7.net/lif/2003may/26/lif-34-1.htm
http://www.outdoorru/unesco/652.php
http://www.starfish.ch/dive/print/palawan-print.html
http://www.unep-wcmc.org/sites/wh/princesa.htm
http://www.vigancity.gov.ph/unesco.htm
http://wondersclub.com/worldwonder/banauehistory.htm



Susi sa Pagwawasto

## Modyul 14
## Pagtukoy ng Pangunahing Kaisipan at Pagbuo ng Hinuha

I. Pagpapalawak ng Bokabularyo

**A**

6. A
7. A
8. B
9. D
10. B

**B**

1. B
2. C
3. A
4. F
5. E

II. Pagtukoy ng Pangunahing Kaisipan

1. Paraan ng pagkakagawa sa Pay-yo
2. Lokasyon ng Vigan
3. Lokasyon at katangian ng Tubbataha Reef

III. Pagbibigay Hinuha

1. Ang sanaysay ay patungkol sa Hudhud. Ang epiko ng mga Ifugao na isa sa hinahangan ng buong mundo.
2. Ang sanaysay ay tumatalakay sa mga simbahang barok sa Pilipinas na nagtataglay ng kakanyahang likha ng mga Pilipino.